# 1

"Sino ang pakakasalan mo, 'yong lalaking love mo subalit hindi ka niya mahal, o 'yong guy na mahal ka pero wala ka namang nararamdamang pag-ibig sa kanya?" tanong ni Marga sa best friend niya habang naglalakad sila sa gilid ng daan pauwi sa kani-kanilang bahay.

Natigilan si Buchay bago nito ibinuka ang bibig upang sumagot. "Teka, mahirap na tanong iyan, ah." Malalim na nag-isip ang chubby na babae.

Sa unipormeng suot niya at ng kanyang kababata ay mahihinuhang nagtatrabaho ang dalawa bilang promo girls sa shopping mall. Ginabi sila sa pag-uwi dahil closing time ang kanilang shift sa pinapasukang malaking department store sa Cubao. Rush hour pa noon kaya nahirapan at nakipag-unahan pa silang sumakay sa pampasaherong jeep at nang makasakay na ay inabot naman sila ng matagal na trapiko sa kahabaan ng Aurora Boulevard. Dahil doon ay pasado alas onse na ng gabi nang makarating ang magkaibigan sa San Mateo.

Napangisi ang kaibigan nang may napili na. "Mas type ko yatang pakasalan ang lalaking mahal

ako kahit hindi ko siya love," walang alinlangang pakli nito. "Mahal ko nga iyong guy kung araw-araw ka namang binubugbog, huwag na lang," dagdag pa nito habang ikinukumpas ang isang kamay sa ere. "Hindi ko pinangarap na maging battered wife, 'no!" diin nito. "Another thing, once daw na love ka ng guy, madali mo rin siyang matutunang mahalin habang nagsasama kayo."

Bumaling ang tingin ng bilugang babae sa kanya. "Eh, kung ikaw naman ang mag-aasawa, sino ang papakasalan mo?" balik-tanong nito.

Hindi nag-aksaya ng panahon ang magandang dalaga, mabilis niyang sinagot ang katanungan. "Kung mag-aasawa rin lang ako, iyong mayaman na para guminhawa naman ang buhay namin," nasa tinig niya ang determinasyon. Sumeryoso ang kanyang mukha. "Sa panahon ngayon at sa hirap ng buhay, kailangan maging practical ka." Sinulyapan niya ang kasabay. "May nabasa nga ako sa magazine kung paano ka madaling yayaman: If you want to be rich, marry a millionaire."

"Kahit hindi ka masaya?" urirat pa nito.

Humugot siya ng malalim na hininga. "Isasakripisyo ko ang kaligayahan ko alang-alang kay Inay at sa kapatid ko," seryosong tugon niya.

Kahit pagod na sa maghapong pagtatrabaho, nangarap din si Marga na guminhawa ang buhay sa hinaharap. Kung makakapag-asawa siya ng may-kaya sa buhay, malamang ay titira siya sa mala-palasyong bahay na kompleto sa mamahaling kasangkapan, may malawak na hardin na natataniman ng magagandang bulaklak. Gusto niyang mamuhay na parang prinsesa kasama ang kanyang Prince Charming na gaya ng mga nababasa niya sa fairy tales. At naniniwala siyang fairy tales do come true.

Hindi malayong matupad ang ambisyon niyang makapag-asawa ng mayaman sa gayon ay makaahon sa kahirapan. She is very young sa edad niyang twenty-one at mayroon siyang malaking puhunan: ang kanyang kagandahan.

Larawan si Marga ng kawalang-malay na tuwing ngingiti ay masisilayan ang mapuputi niyang ngipin. Balingkinitan ang magandang hubog ng kanyang katawan. Mahaba at malambot na buhok niya, kasing-kinis ng sibuyas at kasimputi ng bulak ang kanyang kutis, matangos ang ilong niya, maganda ang manipis na hugis ng mapupula niyang labi at may kakaibang pungay ang kanyang mga mata. Hugis-puso ang mukha niya na habang tinititigan nang matagal ay lalong tumitingkad ang kagandahan.

In short, head-turner talaga ang beauty ni Marga.

Hindi na nagtaka ang kanyang kaibigan sa tugon niya. “Hindi kita masisi kung iyan ang ambisyon mo,” anito. “Alam ko naman na ikaw ang breadwinner sa inyong pamilya.”

Medyo nalungkot ang mukha niya. *Kung buhay lang sana si Itay, hindi sana ganito ang takbo ng aming kapalaran*, daing ng kanyang isipan.

Napansin ng tabaing babae ang panglaw sa kanyang mukha. Kailangang makaisip ito ng magandang sasabihin upang kahit paano ay gumaan ang kalooban niya. “May advice ako sa iyo. Gusto mo rin lang na makapag-asawa ng mayaman, piliin mo na iyong matandang mayaman na madaling mamatay.” Sinundan nito ng malakas na tawa ang sinabi. Wala siyang nagawa kundi makitawa na rin.

Nang marating ng dalawang babae ang ikaapat na block ay nagpaalam na sila sa isa’t isa. Naghiwalay sila ng landas. Lumiko sa kaliwa si Buchay samantalang lumiko siya sa kanan. Ito ang shortcut na daan sa likuran ng bahay nila. Kung dadaan siya sa harapan ay malayo pa ang iikutin niya.

Bagaman medyo may kadiliman, madalas na tahakin ni Marga ang daan na ito at wala namang masamang nangyayari sa kanya kaya malakas ang loob niya na maglakad mag-isa. Magkakalayo pa ang mga bahay at bihira ang mga taong nagdaraan doon.

Nakakailang hakbang pa lang ay may natanaw siya na isang lalaking pasuray-suray kung maglakad. Naningkit ang kanyang mga mata para sipatin itong mabuti, pero hindi niya gaano maaninag ang mukha nito dahil sa kadiliman ng lugar, subalit sigurado siya na hindi taga-roon ang lalaki.

Nakaramdam si Marga ng kaba nang mapansin na hubad-baro ito at walang sapin sa paa. Tanging kupas at maduming maong pants ang suot nito. *Ano ang ginagawa ng mamang ito sa ganitong oras ng gabi?* anang nangangambang isipan niya. Lasing pa yata.

Nang makasalubong na niya ito ay nilampasan siya nito at saka lamang siya nakahinga nang maluwag. Subalit ilang saglit lang ay dumaan muli ang takot sa mukha niya nang maramdamang may sumusunod sa kanya. Lumingon siya at tama ang sapantaha niya na nakabuntot sa kanya ang estranghero. Lalong lumalim ang nadarama niyang

pangamba.

Binilisan ng dalaga ang paglalakad, bawat hakbang ay malalaki. Halos patakbo na niyang tinatalunton ang madilim na daan. *Oh, my gosh! Baka rapist ang lalaking ito!* di-maiwasang sumagi sa isipan niya. Inilabas niya mula sa kanyang shoulder bag ang payong na natitiklop upang magamit na pangdepensa sa sarili.

Nang marating ng takot na takot na babae ang bakanteng lote sa likuran ng kanilang bahay ay dali-dali niyang sinuong iyon.

Napasigaw siya nang malakas matapos maramdaman na may tumapik sa kanyang balikat. Mabilis niya itong nilingon at ubod-lakas na hinampas ito ng payong sa ulo. Bumulagta sa lupa ang estranghero at pinanawan kaagad ng malay.

"Mabuti nga sa iyo!" bulyaw niya, sabay irap. Mabilis siyang nagmartsa patungo sa backdoor nila. Akmang bubuksan na niya ang pinto nang lingunin niya ang di-kilalang lalaki. *Napalakas yata ang palo ko. Baka may masamang nangyari sa kanya*, naisip niya habang nakatingin sa nakahandusay na katawan nito. *Oh, my God! Huwag po sana.* Napaantanda pa siya. Nagpasya siyang balikan ito.

Lumuhod siya sa gilid ng wala pa ring ulirat na lalaki. Hindi niya alintana na madumihan ang kanyang tuhod. “Mama, mama,” natatarantang tawag ni Marga.

Hinawakan niya ang leeg nito. Nakahinga siya nang maluwag nang maramdamang may pulso pa iyon. “Ikaw naman kasi sumunod ka pa,” paninisi pa niya. “Iyan tuloy nangyari sa iyo.” Kumabog uli ang dibdib niya nang mapansing may bahid ng dugo ang kanyang kamay. Lalo siyang nag-panic. “Diyos ko! Ano ang gagawin ko?”

Mayamaya lang ay dumating ang kanyang kapatid na binatilyo. “Ate, ano ang nangyari?” nag-aalalang tanong nito. “Nagising ako sa sigaw mo kanina.”

“Paolo, mamaya ko na sasabihin sa iyo. Tulungan mo akong akayin siya sa loob ng bahay. May sugat siya sa ulo. Kailangang maampat ang pagdudugo nito. Hindi ako patatahimikin ng konsyensya ko kapag may masamang nangyari sa kanya,” dere-derecho niyang lahad sa nangangambang tinig.

Tinulungan siya ng nakakabatang kapatid na akayin papasok sa loob ng bahay ang lalaki.

"SINO ANG LALAKING IYAN?" natatarantang usisa ng ina niya matapos nitong makita na ipinasok ng magkapatid sa loob ng bahay ang estranghero.

"Saka ko na ho ipapaliwanag, Inay," tugon niya. Inihiga nila nang nakatagilid ang lalaki sa sofa dahil nasa likod ng ulo ang sugat nito. "Paolo, ku'nin mo iyong first aid kit ko sa medicine cabinet," utos niya sa nakababatang kapatid. Sinunod naman iyon ng binatilyo.

Nang maibigay na nito sa kanya ang mga kagamitan ay dagliang binigyan ni Marga ng pangunahing lunas ang sugat ng walang malay-tao na lalaki na sa tantya niya ay humigit-kumulang tatlumpung taon gulang.

Nakalimang semester din siya sa kursong Nursing bago nahinto sa pag-aaral kaya hindi siya nahirapang gamutin ang sugat ng pasyente. Pinili niya ang kursong iyon dahil in- demand ang nurses sa ibang bansa. Kung magiging ganap na nurse na siya ay plano sana niyang makapagtrabaho sa abroad para kumita ng dolyar at sa gayon ay makatulong sa kanyang pamilya.

Ang plano niyang iyon ay unti-unting naglaho simula nang magkasakit ng leukemia ang kanyang ama. Natigil sa pagtatrabaho ang itay niya at

ang kaunting perang naipon nito ay nakalaan sa panggagamot dito kaya masakit man sa kalooban niya ay napilitan siyang tumigil sa pag-aaral.

Habang binibigyan niya ng first aid ang estranghero ay ikinuwento niya sa mag-ina ang naganap.

"Mabuti na lamang at walang masamang nangyari sa iyo," sabi ng nakatatandang babae matapos makahinga nang maluwag.

Napansin niya na bumaling sa pagkahiga ang lalaki. Bahagyang dumilat ang mga mata nito at unang nakita ang maamo niyang mukha na sa tingin nito ay parang mukha ng anghel. "Nasa langit na ba ako?" mahinang usal nito saka uli nawalan ng malay.

"Sayang, hindi natin naitanong ang pangalan niya," panghihinayang ni Paolo.

"May bukas pa naman," aniya habang nilalagyan ng benda ang ulo nito.

"Ang ibig mong sabihin, dito natin palilipasin ng gabi ang lalaking iyan?" mariing tutol ni Aling Carmen, sabay naglakad-lakad paroon at parito, halatang ninenerbyos ito. "Hindi ako makakapayag!" mariing sabi nito. "Hindi pamilyar sa akin ang

mukha ng taong iyan at hindi ko alam kung saang lupalop nanggaling iyan.” Tumigil ito sa paglalakad at tinitigan siya. “Paano kung masamang tao iyan? Malay natin baka magnanakaw pa nga, eh. Baka modus operandi lang niya iyan para makapagnakaw,” lahad nito habang iwinawasiwas ang mga kamay sa ere.

“Inay, ano naman ang nanakawin sa atin?” singit ng binatilyo.

“Ah, basta! Hindi p’wedeng tumigil ang lalaking iyan sa pamamahay ko,” pagbibigay-diin pa nito. “Kuwento mo kanina, napagkamalan mong rapist. Eh, kung tama nga ang hinala mo?” Lalo itong nangamba nang mapansin ang tattoo ng estranghero sa braso. “Naku, baka nga takas sa bilanggo iyan! Kita mo may tattoo,” ninenerbyos na dugtong nito.

“May tattoo lang, takas na kaagad sa kulungan,” hirit pa ni Paolo saka pinagmasdan mabuti ang colorful tattoo ng lalaki. “Sa tingin ko nga mabait na tao siya. Tingnan n’yo anghel ‘yong tattoo niya.”

“Inay, nabigla lang ho ako kanina kaya nahampas ko ng payong sa ulo,” ani Marga habang nakatitig sa ninenerbyos na ina. “Wala naman ho siyang masamang ginawa sa akin maliban sa hinawakan ang balikat ko nang walang pahintulot.” Muli

niyang pinasadahan ng tingin ang di-kilalang lalaki. “Nakakaawa ho iyong tao kung palilipasin natin ng gabi sa labas sa ganitong kalagayan.”

Humugot ng malalim na hininga si Aling Carmen para mabawasan ang nerbyos. “Bahala nga kayo,” anito habang hinahagod ang dibdib. “Huwag ninyo akong sisisihin kung may masamang mangyari sa atin. Hindi ako nagkulang ng pangaral sa inyo.” Ilang saglit ding nanahimik ito, pero hindi nito talaga mapigilan ang pangamba kaya muling nagsalita habang nakatingin sa kanya, “Alam mo masama talaga ang kutob ko diyan. Utusan ko kaya si Paolo para i-report sa pulis.”

“Inay, sa ganitong oras?” tanggi ni Marga matapos sulyapan ang orasan. “Mag-a-alas-doce na ho ng hatinggabi. Ang layo pa ho ng istasyon ng pulis sa ating lugar. Baka mapahamak pa sa daan ang anak ninyo.”

Ipinatong niya ang palad sa noo ng pasyente. “Mataas pa ang lagnat. May-sakit itong tao at nanghihina. Malabo siyang makapanakit sa kanyang kalagayan. Ipagpabukas na ho natin, Inay,” pakiusap niya. “Matulog na ho kayo. Ako na ang bahala dito. Pupunasan ko ho ng maligamgam na tubig para bumaba ang lagnat niya.”

"Kung buhay lamang ang inyong itay, hindi sana ako lubos na mag-aalala nang ganito." Pagkasabi niyon ay pumanhik ang biyuda sa ikalawang palapag ng bahay at pumasok sa silid nito, siniguro nitong nakapinid ang pinto. Bago ito mahiga sa kama ay taimtim itong nagdasal.

Inutusan niya ang binatilyong kapatid na kumuha ng kumot at unan para magamit ng kanilang bisita. Pumasok ito sa kuwarto nito para sundin ang ipinag-uutos niya samantalang pumunta siya sa kusina.

Pagbalik ng dalaga sa sala ay may dala na siyang palanggana na may maligamgam na tubig. Inilapag niya iyon sa mesita. Bumalik si Paolo na may dalang kumot at unan. Ibinigay nito sa kanya ang mga iyon.

Nagpaalam na sa kanya ang kapatid para matulog. Nang mapag-isa ay umupo siya sa gilid ng sofa  at pinunasan ang katawan ng lalaki. Habang ginagawa niya iyon ay napansin niyang guwapo pala ang estranghero. Humanga siya sa kakisigan nito. Hindi niya maiwasang purihin sa kanyang isipan ang matangos nitong ilong, malalapad na balikat, matipunong pangangatawan at kayumanggi nitong balat.

Hindi niya mawari kung bakit tumibok na lang

nang mabilis ang kanyang puso. Nagkibit-balikat na lang siya. Ibinabad niya ang face towel sa tubig at piniga. Iniwan niya iyon sa noo nito at kinumutan para hindi ginawin.

Tumindig siya at matagal na pinagmasdan ang natutulog na lalaki. *Sino ka?* tanong niya sa kanyang isipan. *Bakit ka napadpad sa aming lugar?*

NAPADAING ANG ESTRANGHERO nang magising kinabukasan, masakit pa rin ang ulo nito. Bumangon ito sa kinahihigaang sofa at naupo.

“Ate, Inay, gising na siya,” tawag ni Paolo sa dalawang babaeng nasa kusina.

Ilang hakbang lang ang layo ng kusina sa sala kaya mabilis na nakarating doon si Marga at ang kanyang ina.

Inilibot ng lalaki ang paningin sa kabuuan ng bahay. Hindi pamilyar ang tanawin sa mga mata nito. “Saan ako naroroon?” naguguluhang tanong nito, sabay hawak sa masakit na ulo. “Bakit may benda ang ulo ko? Ano ang nangyari sa akin?”

“Nasa bahay ka namin,” anang dalaga matapos umupo sa katabing sofa.

"Hijo, bago namin sagutin ang mga katanungan mo," bungad ng biyuda, "kung iyong mamarapatin, p'wede bang malaman kung ano ang pangalan mo?"

"P-pangalan ko…?" Natigilan ang estranghero. Hindi nito mawari ang isasagot, parang blangko ang isipan nito. Pinaglipat-lipat nito ang tingin sa tatlong tao na kasama nito sa sala. "H-hindi ko alam ang pangalan ko!" anito, sabay sinapo ng dalawang kamay ang mukha.

Sabay-sabay na nagitla ang mag-iina. Naglalakihan ang mga matang nagkatinginan sila sa bawat isa.

"Wala… wala akong matandaan," pailing-iling pa nitong sabi.

"Malaki ang hinala ko, may amnesia ka," sabad ni Marga. "Gawa siguro ng pagkapalo ko sa ulo mo kagabi kaya naapektuhan ang memorya mo. Hindi mo na tuloy natandaan ang iyong nakaraan."

Nakakunot-noong nilingon siya nito. "Bakit hinampas mo ako sa ulo?"

Napakagat-labi siya. "Hindi ko naman sinadyang gawin iyon. Sinundan mo ako kagabi. Akala ko may masama kang balak sa akin kaya napalo kita ng payong sa ulo. Nawalan ka tuloy ng malay," tuluy-

tuloy na paliwanag niya. "I'm sorry."

"Wala kang dapat ihingi ng paumanhin. Sa kabila ng masamang kutob mo sa akin, tinulungan mo pa rin ako. Ako ang dapat humingi ng sorry at magpasalamat sa tulong mo."

"Baka may ID ka sa wallet mo," mabilis na mungkahi ni Paolo. "Sa gayon malalaman natin ang pangalan mo."

Kinapa nito ang backpocket ng pantalon. Wala itong nasalat doon. "Wala akong wallet," anito sa dismayadong tinig habang pailing-iling.

Napabuga naman ng hangin si Aling Carmen sa panghihinayang at napailing. Sa loob-loob nito ay kung may identification card man lang ang lalaki ay malalaman kung saan ito nakatira at sa gayon ay makaalis na ito sa kanilang pamamahay.

"Malamang na-hold-up ka kagabi," giit pa ng nakababatang lalaki. "Iyang singsing lang ang itinira ng mga hold-upper sa iyo."

Hinawakan nito ang singsing at nahirapang hugutin iyon sa daliri nito. "Hindi ko mahugot."

"Kaya hindi na nila pinag-aksayahan ng panahon na kunin sa iyo iyan," anang biyuda. "Pag-ingatan

mo iyang singsing mo. Iyan lamang ang nagsisilbing alaala mo sa iyong nakaraan."

Tumango lang ito bilang tugon.

"'Anghel' na lang kaya ang itawag namin sa iyo?" suhestyon ni Paolo matapos makita uli ang tattoo nito sa braso. "Kesa naman wala kang pangalan."

"Kung iyon ang gusto n'yo," pangsang-ayon nito.

"Paolo, ku'nin mo iyong mga damit ni Itay," utos ng dalaga. "Ipahiram muna natin kay Anghel para may masuot siya."

Tumalima ang binatilyo. Pumasok ito sa kuwarto ng kanilang ina at hinalungkat ang mga lumang damit ng yumaong ama.

"Ngayon pa lang nagpapasalamat na ako sa mga tulong na nagawa n'yo sa akin," sinserong sabi ni Anghel.

"Pihadong gutom ka na," sabad ng nakatatandang babae. "Ipaghahanda muna kita ng makakain mo."

"Maraming salamat ho uli."

"Tulungan na kita, Inay."

Iniwan ng mag-ina ang lalaki para ipaghanda

ng agahan. Naiwan ito sa sala na balisang-balisa ang kalooban. Gumugulo sa isipan nito kung sino ito at ano ang tunay nitong pagkatao.

# 2

Dumaan ang lungkot sa mukha ni Marga nang mabasa niya ang nilalaman ng sulat na iniwan ng kartero sa tarangkahan nila. *Two months na lang pala, maiilit na ng bangko ang bahay at lupa namin*, naisip niya.

Napilitan silang isanla sa bangko ang kanilang bahay at lupa para gamitin sa pagpapagamot sa malubhang sakit ng kanyang ama. Bagaman pumanaw ito at nagkabaon-baon sila sa utang, hindi niya pinagsisihan ang kanilang ginawa. Para sa kanya ay hindi matutumbasan ng anumang halaga ang mga alaala ng mga huling sandaling nakapiling nila ang ama.

Dahil siya ang panganay, sa kanya napunta ang responsibilidad na itaguyod ang kanilang pamilya kaya sa murang edad ay napilitan siyang magtrabaho. Ang perang kinikita niya ay napupunta sa araw-araw na panggastos nila sa bahay at kulang na kulang para ipambayad sa interes pa lang ng utang nila na habang naglalaon ay lalong lumolobo. Naibenta na rin ang alahas nila ng kanyang ina, pero kapos pa rin pambayad sa bangko.

Subalit umaasa pa rin siyang malampasan ang malaking problema niya. Pinalaki siya ng kanyang mga magulang na maging matatag sa anumang pagsubok na darating sa buhay niya.

Pumasok siya sa loob ng bahay at mapanglaw na pinagmasdan ang kabuuan niyon. Bagaman simple lang ang pagkayari ng bahay ay iyon na ang naging tahanan niya simula nang ipinanganak siya hanggang sa nagdalaga kaya masakit para sa kanya kung maiilit iyon ng bangko. Ang bahay at lupa lang ang tanging naiwan sa kanila ng kanyang yumaong ama kaya may sentimental value ito para sa kanya.

*Saan kami titira kung mawawala sa amin ang bahay na ito?* di-maiwasang sumagi sa isipan niya. Alam niyang darating din ang panahon na kailangang lisanin nila ang bahay oras na hindi sila makabayad sa pagkakautang. Napahawak siya sa kanyang bibig at pinigilang maiyak. Hindi ito ang tamang oras para sumuko siya. Kailangan niyang lakasan ang loob lalo na ngayong siya ang tumatayong padre de pamilya sa kanilang tahanan.

"Hindi ba nila tayo bibigyan ng palugit?" malumbay na tanong ng ina. Alam nitong galing sa bangko ang sulat na hawak ng panganay na anak. Sa nakaraang mga buwan ay galing lang sa bangko

ang mga natatanggap nilang liham.

"Mukhang malabo na ho, Inay," aniya habang ikinukubli ang nangingilid na luha. Ibinalik niya ang sulat sa sobre at tiningnan ang ina. "Nakiusap na ho ako na bigyan pa tayo ng extension dalawang buwan na ang nakakaraan. Last na ho daw iyon." Hindi na niya napigilan ang bigat na nararamdaman. Tuluyang umagos ang kanyang itinatagong luha.

Ipinaubaya ng butihing ina ang balikat sa panganay na anak. "Huwag kang mawalan ng pag-asa," pampalubag-loob nito habang hinahagod ang likod niya. "Anu't ano pa, malalampasan din natin ang matinding pagsubok na ito."

Marga wiped away her tears with the heel of her hand.

Walang kamalay-malay ang mag-ina na nakatayo sa isang tabi si Anghel at kanina pa pala sila pinanonood nito. *May mabigat silang problema*, naisip nito. *Nadagdagan pa ng dumating ako sa buhay nila. Kailangan gumawa ako ng paraan para hindi makabigat sa pamilya nila.*

"ANGHEL, ANO BA 'yang ginagawa mo?" usisa ni Marga matapos makita na nakaluhod sa harap ng

cabinet ang pawisang lalaki at minamartilyo iyon.

Itinigil nito ang ginagawa at nilingon siya. "Magaan na trabaho lang 'to," tugon nito. "Nakakahiya kung wala akong ginagawa dito sa bahay n'yo. Kahit papaano makabawi ako sa kabutihang-loob na ipinakita n'yo sa akin."

"Ang inaalala ko baka mabinat ka," may malasakit niyang sabi.

"Huwag mo kong alalahanin. Kaya ko na ang katawan ko." Bumalik ito sa dating ginagawa. "Aray!" hiyaw nito matapos mapukpok ng martilyo ang daliri. Sa isang kisap-mata ay tumindig ito at pinagpag ang kamay.

"Iyan na nga ba ang sinasabi ko, eh," anas ni Marga, sabay lapit sa lalaki. Hinawakan niya ang kamay nito. Nagtaka siya kung bakit bigla na lang lumukso ang puso niya nang mapisil ang kamay nito. "Masakit ba?" nag-aalalang tanong niya.

"Kaunti," matipid nitong sagot.

Hinipan niya ang daliri nito para mabawasan ang sakit. Habang ginagawa niya iyon ay panay ang titig nito sa kanyang mukha.

*Hindi ka lang maganda, mabait pa*, puri ng

isipan nito. Una pa lang nitong nasilayan ang babae ay nabighani kaagad ito sa angking ganda ni Marga.

Napansin niyang nakapako ang malalagkit na tingin nito sa kanya. Para siyang natutunaw sa mga titig ng lalaki. Nailang siya at nahihiyang binitiwan ang kamay nito.

Ilang saglit ding namayani ang katahimikan sa pagitan nila bago ibinuka ni Anghel ang bibig. “Requirement ba sa trabaho n’yo na maganda ka?” pahangang tanong nito habang nakatitig pa rin sa kanya.

Pumintig muli ang kanyang puso sa papuri nito. Hindi niya naitago na kinilig siya sa sinabi nito, masasalamin iyon sa kanyang namulang mga pisngi. It’s the most flattering compliment she had ever heard na derechang sinabi sa kanya, face to face. Hindi tuloy siya nakapagsalita, para siyang napipi.

Hindi iyon nakaligtas sa paningin nito. Napangiti tuloy ito. “May nasabi ba akong masama? Siguro naman, hindi first time na nasabihan ka ng lalaking tulad ko na maganda ka.”

*May pagkabolero ito, ah*, wari ng isipan niya. *Ilang babae na ba ang sinabihan mo nang ganyan? Siguradong hindi lang ako.*

"Baka ma-late ako sa trabaho," paglilihis niya sa usapan. "Mauna na ako," nagmamadaling paalam niya, sabay nagmartsa papunta sa pinto.

Inihatid naman siya ng malagkit na tingin ni Anghel na nakangiti.

Lumabas siya ng bahay at isinara ang pinto. *Ang bilis naman niya. Kailan lang kami nagkakilala, dumidiskarte kaagad.*

Nagpalinga-linga si Marga sa paligid upang tingnan kung may ibang matang nagmamasid sa kanya. Nang masiguro na walang nakatingin ay saka siya kinilig na animo isang teenager na nakita ang ultimate crush niya.

"BALITA KO NAG-UWI ka daw ng lalaki sa bahay n'yo kagabi," panimula ni Buchay matapos nilang sumakay ni Marga sa pampasaherong jeep. "Sandali lang tayo nagkahiwalay, may papa ka na kaagad. Paano nangyari 'yon?" usisa nitong umirap pa.

Hindi na siya nagtaka kung paano nalaman ng kaibigan ang tungkol kay Anghel. May pakpak ang balita sa kanilang lugar at walang sekretong maitatago roon. May nagbabawas sa detalye at may nagdadagdag.

"Bago mo ako husgahan, hintayin mo muna akong makapagpaliwanag, okay." Ikinuwento ni Marga ang buong nangyari at naliwanagan naman kaagad ito.

"Oh, gan'on pala…" anito, sabay siko sa tagiliran niya. "Guwapo ba?" urirat pa ng kaibigan bago bumungisngis.

Iniwasan niyang sagutin ang tanong ng kababata.

Sa pananahimik niya ay nag-conclude kaagad ito. "Ay, guwapo nga!" tili nito. "Huwag ka nang magkaila. Nababasa ko sa iyong mga eyes. Huwag mo naman solohin, oh. Ipakilala mo ako."

"Oo ba," mabilis na tugon niya. "Kaya lang ingat ka baka may-asawa na iyong tao."

"Madali lang iyon. Di tanungin natin iyong guy kung available pa siya o taken na."

"Eh, kung sabihin ko sa iyong may amnesia siya?"

Napanganga ito sa revelation niya. "As in na-erase ang memory?"

Tumango siya bilang pangsang-ayon.

“May pagkamisteryoso pala iyang house guest n’yo.”

“Malay mo baka playboy iyong tao. Alam mo bang nagpapahiwatig na sa akin kanina.”

“Mabilis siya, ha!” Natigilan ito nang may naisip. “Pero ingat ka hindi dahil baka may-asawa na siya at isang dosena na pala ang anak, o kung hindi man, baka bago siya nagka-amnesia… bakla siya!”

Sabay napatawa ang dalawang babae. Wala silang pakialam sa iba pang mga pasahero na hindi maiwasang mapatingin sa kanila dahil sa lakas ng pagtawa nila.

ISANG LINGGO nang nakatira sa bahay ng mag-iina si Anghel. Magaling na ang sugat nito sa ulo, subalit hindi pa rin bumabalik ang memorya nito. This past week ay palihim na pinagmamasdan ni Marga ang bawat kilos ng lalaki. Hinuhuli niya ang pag-uugali nito kung dapat pa ba niyang patuloy na patirahin ito sa kanilang bahay para hindi sila malagay ng kanyang pamilya sa peligro.

Sa obserbasyon naman niya ay mabuting tao ito. Madali nitong nakapalagayan ng loob ng kapatid niya. Nasaksihan niya kung paano naging

close kaagad ang dalawa. Madalas pa nga niyang makita na tinutulungan nito si Paolo sa paggawa ng assignment ng huli na dati ay tungkulin niya. Sa tingin niya ay nakahanap ang kapatid niya ng isang kuya na magsisilbing role model at magiging gabay sa paglaki nito.

Nawala na rin ang pag-aagam-agam ng kanyang ina sa mabuting ipinakikita nito at unti-unting nakikilala ang pag-uugali nito. Maginoo at magalang ito kaya dapat bigyan ng pagtitiwala nila.

Isang araw ay nagsabi sa kanya si Anghel na gusto nitong maghanap ng trabaho para makatulong sa mga gastusin sa bahay. Isasangla raw nito ang singsing nito para gamitin ang pera sa paghahanap ng mapapasukan, pero nahirapan itong hugutin ang alahas sa daliri. Nang malagyan niya ng baby oil ang daliri nito ay madali na nitong nahugot ang singsing.

Pinahiram niya ng mga lumang damit panglakad ng kanyang ama ang kanilang bisita. Kasya-kasya naman iyon sa lalaki. Bagaman hindi moderno, presentable naman ang hitsura nito.

Sinabihan niya ang lalaki na kailangan ng bio-data kung mag-a-apply ito ng trabaho. Binigyan niya ito ng pamasahe para makapunta sa pinakamalapit

na pawnshop.

Nagulat na lamang siya nang araw ring iyon ay sinundo siya ni Anghel sa pinagtatrabahuhan niyang shopping mall. Pauwi na sila ni Buchay noon. Ipinakilala niya ito sa kanyang best friend na halatang nagka-crush kaagad sa guwapong lalaki.

Habang naglalakad sila papunta sa sakayan ay naikuwento nito na bigo ito sa paghahanap ng trabaho dahil wala itong maisulat sa bio-data kundi 'Anghel' lang na hindi pa nito tunay na pangalan kaya malamig tuloy ang trato ng manager dito.

"Huwag kang mawalan ng pag-asa," pampalakas-loob niya rito. "Makakahanap ka rin ng trabaho." Kasalukuyang nag-aabang sila ng masasakyan. Hindi pa rush hour noon kaya mangilan-ngilan lang ang mga katulad nilang commuters.

"Uy, concerned siya," panunukso ni Buchay.

Pinandilatan ito ni Marga at nakuha kaagad nito ang gusto niyang ipahiwatig. Tumahimik ito habang nakalabi.

"Ang hirap palang maghanap ng trabaho sa atin," reklamo nito.

"Sa kalagayan mo ngayon, kailangan mo ng

malakas na backer para madali kang mapasok sa trabaho," mungkahi niya sa binata. "Kung on your own lang, baka mamuti ang mga mata mo sa kahahanap, wala ka pa ring mapapasukang trabaho."

"Teka, nasabi sa akin ng kuya ko na kailangan nila ng waiter sa restaurant na pinagtatrabahuhan niya," sabad ng chubby na babae. "Okay lang ba sa iyong maging waiter?" tanong nito sa bagong kakilala.

Nabuhayan ito ng loob. "Kahit anong trabaho papasukin ko basta marangal."

"Good. Irerekomenda kita sa kuya ko para may backer ka. Hopefully, madali kang mapasok sa trabaho."

"Ngayon pa lang nagpapasalamat na ako sa iyo," nakangiti nitong sabi. "Masuwerte ako na may kaibigan si Marga na tulad mo."

Kinilig ang tabaing babae sa sinabi ni Anghel. Nag-beautiful eyes pa ito sa lalaki. Nainggit naman si Marga sa closeness kaagad ng dalawa. Nagsisisi tuloy siya kung bakit ipinakilala pa niya ang kaibigan dito, pero napansin niya na pasulyap-sulyap sa kanya si Anghel. Ngunit kapag nahuhuli niya ito ay binabawi kaagad nito ang tingin at tumatanaw sa

malayong lugar.

Mayamaya lamang ay may pumaradang bagong modelo ng *Honda Civic* malapit sa kinatatayuan ng tatlo. Mula sa kotse ay bumaba ang isang maganda at seksing babae. Sa hitsura at pananamit nito ay halatang galing ito sa mayamang pamilya at may mataas na pinag-aralan. Dere-derecho itong naglakad sa harapan ni Anghel.

Napansin ni Marga na nabigla ang lalaki nang sumulpot ang babae sa harapan nito. Walang sali-salita, ubod-lakas na sinampal ito ng misteryosang babae sa magkabilang pisngi. Natulala ito sa nangyari. Pinilit nitong magsalita subalit walang impit mang tinig na lumabas mula sa bibig nito. Hindi nito nagawang mag-react sa mabilis na pangyayari. Umalis kaagad ang galit na galit na babae matapos bigyan ng masamang tingin si Anghel. Sumakay ito sa kotse at humarurot ang sasakyan palayo.

Napahawak ang gulilat na lalaki sa kanang pisngi nito na namumula sa lakas ng sampal. Ramdam pa rin nito ang mabigat na kamay ng babae. Inilibot nito ang mga mata sa paligid. Lahat ng tingin ay nakatuon dito dahil sa nasaksihan. Nakatawag-pansin pa rito ang pagbubulungan ng mga tao.

“Bakit hind mo kinausap?” nanghihinayang na

tanong niya.

"A-ano ang ibig mong sabihin?" mukhang nalilitong balik nito.

"Obviously, kilala ka n'ong babae. Siya sana ang magbibigay ng daan para makilala mo ang tunay mong pagkatao."

Saka lang napagtanto ng binata na may katwiran si Marga. Kung nakausap nito ang misteryosang babae ay nalaman na sana nito kung ano ang tunay na pangalan nito, kung saan ito nakatira at kung ano ang tunay na pagkatao nito.

"Sorry, hindi ko kaagad naisip iyon. Nabigla ako sa nangyari."

Nang may humintong pampasaherong jeep ay sumakay na ang tatlo. Pinagtiyap naman ng pagkakataon na napatabi siya kay Anghel.

Tahimik lang sa upuan ang lalaki pero gulung-gulo ang isipan nito. Hindi pa rin mawaglit sa isipan nito ang naganap kanina. What bothered him most ay kung sino ang misteryosang babae, bakit ganoon na lang ang galit niyon at ano ang nagawa nitong kasalanan sa babae.

Napansin ni Marga na walang imik ang katabi.

Kung anu-ano ang pumasok sa isipan niya.

*Kailangang mag-ingat ako sa kanya*, she thought. *Sa ginawa ng babaeng iyon, sure akong may ginawang kalokohan ito. Ano kayang kapilyuhan ang ginawa ni Anghel?*

# 3

Kinagabihan, dumalaw ang masugid na manliligaw ni Marga na si Diego. Mas matanda ang lalaki ng apat na taon sa kanya, matipuno ang pangangatawan nito, may bigote at hindi kaguwapuhan pero lalaking-lalaki ang dating.

Simula't sapul pa lang ay wala siyang katiting na pagtingin dito. He was not the type of guy na gusto niyang maging boyfriend na puwede niyang ipagmalaki kahit kanino.

Bukod sa hindi ito nakatapos ng pag-aaral, wala itong permanenteng trabaho, laging nakaistambay sa tindahan sa kanto at ginugugol ang oras sa pakikipag-inuman sa mga kabarkada na katulad nitong walang direksyon ang buhay. Very opposite ng kanyang ideal man na may mataas na pinag-aralan, may maganda at stable na trabaho at most importantly, galing sa mayamang pamilya.

"Diego, matagal ka na ring umaakyat ng ligaw sa akin," aniya sa malumanay na tinig habang hawak ang isang box ng red roses na bigay ng kanyang bisita na nakaupo sa kabilang silya. "At ilang beses ko na rin na sinabi sa iyo na mas mabuti kung maging

magkaibigan na lang tayo." Humugot si Marga ng malalim na hininga bago muling nagsalita, "Sayang lang ang pagod mo, panahon na ginugugol mo at mga regalong ibinibigay mo sa akin," saad niya na tila nauubusan na ng pasensya.

Bagaman wala siyang gusto sa binata at hindi boto ang kanyang ina at kapatid dito ay tao pa rin niyang itong hinarap. Kilalang siga sa kanilang lugar si Diego, takot siya na baka balingan ang kanyang pamilya kung hindi niya ito pakitunguhan nang mabuti. Sa ibang paraan na lamang niya ipinakita na wala talaga itong maasahan, pero hindi yata ito makahalata sa mga mensaheng ibinibigay niya kaya patuloy pa rin itong umaakyat ng ligaw sa kanya.

"Marga, hindi ako nawawalan ng pag-asa," walang alinlangang lahad nito. Umaasa pa rin ito na baka makuha sa tiyaga ang panliligaw nito sa minimithing babae at ibigay ang matamis na oo na matagal nang inaasam nito. Tatlong taon na nga itong nanliligaw sa kanya. "Alam kong balang araw ay matutunan mo rin akong mahalin gaya ng pagmamahal na inuukol ko sa iyo."

Napabuga si Marga ng hangin at umiwas ng tingin. Maraming beses na niyang narinig ang mga katagang iyon. Maraming lalaki ang nanligaw sa

kanya at lahat ng mga ito ay binasted niya ngunit bukod-tanging si Diego ang natira at pursigido na ituloy pa rin ang panunuyo sa kanya. Hindi niya mawari kung matiyaga o manhid ito, subalit bilib siya sa fighting spirit nito.

Muli niyang tiningnan ang bisita. "Marami pang ibang babae diyan na mas maganda, mas matalino kesa sa akin. Karapat-dapat sa pag-ibig na inilalaan mo."

"Marga, ikaw lang ang babae para sa akin. Napangako ko sa aking sarili na ikaw lang ang babaeng aking mamahalin."

"Diego…" Napailing siya sa inis bago ibinuka ang bibig. "Marami pa akong pangarap sa buhay, sa pamilya ko. Hindi naman lingid sa kaalaman mo na ako lang ang inaasahan sa amin. Wala pa sa isip ko ang tungkol sa pag-ibig," paliwanag niya.

"Handa akong maghintay."

Patagong umirap ang dalaga. Sa wari niya ay hindi talaga ito susuko sa panliligaw, pero suko na siya sa kakulitan nito.

Napalingon ang manliligaw sa kusina. Hindi nakaligtas sa paningin nito si Anghel na nasa dining table at tinutulungan sa assignment si Paolo.

Napansin nito na very close kaagad ang dalawa. Ikinainggit nito iyon. Matagal na nitong kakilala ang nakababatang kapatid ni Marga, pero hindi nito mawari kung bakit mailap ang binatilyo.

Bumaling uli ang tingin nito sa kanya. "Nabalitaan ko na may bisita kayo sa bahay. May amnesia daw." Umayos ito sa pagkaupo para mapalapit sa kausap. "Ingat ka sa mga taong ganyan," paalala nito. "Baka gimik lang niya 'yan. Magkukunwaring may diprensya sa pag-iisip para makapasok sa bahay ninyo 'tapos pagtatangkaan kayo ng masama."

"Hindi naman siguro gagawa ng masama si Anghel," pagtatanggol niya sa bisita. "Sa tingin ko marunong naman siyang tumanaw ng utang-na-loob," dagdag pa niya, sabay sulyap sa kusina. Nagtagpo ang mga mata nila ni Anghel. Nagkangitian sila sa isa't isa.

Hindi nakaligtas iyon sa mapanuring mga mata ng masugid na manliligaw. Napansin nitong parang nagkikislapan ang mga mata ni Marga habang nakatingin sa estranghero at ang mga ngiti ay parang may ibang ibig sabihin. Nakaramdam ito ng matinding selos.

"Concerned lang ako sa safety mo, sa kaligtasan ng iyong pamilya. Dalawa kayong babae sa bahay.

Si Paolo ay bata pa. Hindi pa niya kayo kayang ipagtanggol." Pasimple nitong hinawakan ang kamay niya. "Kung sinasagot mo na ba ako, anytime may magtatanggol sa iyo."

Inalis kaagad ni Marga ang kamay niya mula sa pagkakahawak nito. Nailang siya sa lapit nito sa kanya kaya pasimple siyang dumistansya rito at nag-iwas uli ng tingin.

Tumindig si Diego, hudyat na aalis na ito na labis niyang ikinalugod. Tumayo rin siya at inihatid ito sa pinto.

Akmang bubuksan nito ang pinto nang muling magsalita. "May kakilala ako sa *NBI*. Ipapa-background check ko siya para malaman natin kung mabuti o masamang tao ang bisita ninyo." Nagpaalam na ang manliligaw, pero bago ito lumabas ng bahay ay tinapunan nito ng nanlilisik na tingin si Anghel na abala pa rin sa pagtulong kay Paolo sa homework nito.

*Walang ibang makikinabang kay Marga kundi ako lang*, paniniyak ni Diego sa sarili.

MALALIM NA ang gabi. Halos isang oras nang nakahiga sa kama si Marga at kanina pa siya

pabiling-baligtad sa pagkakahiga. Hindi pa rin siya makatulog. Hindi naman siya dating ganito.

Nakakapagod din ang trabaho niya sa mall, dagdag pa rito ang mahaba niyang biyahe kaya inaasahan niyang pagsayad ng likod niya sa malambot na kama ay makakatulog kaagad siya. But not this night. Pagod ang kanyang katawan ngunit gising na gising ang kanyang diwa.

Ang laman ng kanyang isipan ay walang iba kundi si Anghel. Naiinis siya sa sarili dahil kahit ipikit niya nang mariin ang mga mata, parang nakikini-kinita pa rin niya ang guwapong mukha ng lalaki.

*Bakit hindi siya mawala sa isipan ko?* tanong niya sa sarli. Simula nang dumating siya sa buhay ko, siya lagi ang laman ng utak ko.

Even at work ay ang lalaki ang gumugulo sa gunita niya. Hindi pa naman apektado ang trabaho niya, pero hindi maaaring mawala iyon sa kanya. Ang kinikita niya roon ay ang tanging inaasahan ng kanyang pamilya.

Minabuti niyang bumangon at umupo sa gilid ng kama. Binuksan niya ang ilaw sa lampshade na nasa bedside table. Tiningnan niya ang alarm clock; hatinggabi na. Nayamot siya sa sarili dahil kailangan

niyang matulog nang maaga dahil opening ang shift niya bukas.

Nagpakawala siya ng buntong-hininga at napahawak sa noo. *Naku, Anghel! Kasalanan mo ito kung bakit hindi ako makatulog!* himutok ng kanyang isipan. Natigilan siya at napatingin sa kawalan. Ito ba ang tinatawag nilang pag-ibig? For the first time in her life ay ngayon lang siya nakaramdam ng ganito. *Oh, my gosh! I think I'm in love!* sigaw ng kanyang isipan bago ngumiti.

Sa ikli ng panahon na nagkakilala sila ng lalaki ay may kakaiba at espesyal siyang nararamdaman dito. She might have fallen in love with him at first sight.

*Nai-in love na ba ako sa kanya?* Umiling si Marga at nanggigil sa sarili. *Grr… hindi maaari! I cannot fall in love with that guy. I barely know him. Kailangan alamin ko muna ang tunay na pagkatao niya bago mahulog ang feelings ko sa kanya.*

Nasa getting-to-know-each-other stage pa lang sila. Ang ipinagtaka niya ay kung bakit ganoon na lamang kagaan ang loob niya sa binata gayong mahigit isang linggo pa lang silang nagkakilala. Swak na swak ang ugali nila sa isa't isa at may puwang kaagad ito sa mailap niyang puso.

Ang isa pang bagay na gumugulo sa isipan ni Marga ay hindi siya sigurado kung binata pa ito o may pananagutan na sa buhay. Sa ganda niya, ayaw niyang other woman lang ang labas niya.

Tumayo siya at isinuot ang kanyang roba. *Infatuation lang itong nararamdaman ko sa kanya. Lilipas din ito.* Lumabas na siya sa kanyang kuwarto.

NAGITLA SI MARGA nang makita si Anghel sa likod ng bahay. Kaninang pagdaan niya sa sala ay wala ito roon. Akala niya ay nasa banyo ito. Kung alam lang niya, hindi na sana siya pumunta rito.

"Nahihirapan ka rin bang makatulog tulad ko?" tanong nito matapos lingunin siya.

"Hindi pa ako inaantok, eh," pagdadahilan niya. Naisip niyang bumalik sa silid ngunit baka masamain nito iyon. Baka sabihin pa nitong iniiwasan niya ito. Minabuti niyang manatili sa kinatatayuan.

Umurong ito nang kaunti sa mahabang bangko na kinauupuan nito. "Dito ka muna," anyaya ni Anghel habang nililinis ng palad ang upuan. "Masarap dito, presko ang hangin."

Alinlangang umupo siya sa tabi ng binata.

There was uncomfortable silence between them. Tila nagkahiyaan sila sa isa't isa.

"Bakit hindi ka—" sabay nilang sabi and they both laughed in unison.

"Ikaw muna," aniya.

"No. Ladies first," pagpapaunlak nito.

"Bakit hindi ka pa natutulog?" sabad niya after clearing her throat.

"In my past siguro, insomniac ako," pakli nito.

"Baka kaya hindi ka makatulog dahil hindi ka sanay matulog sa sofa. Siguro sanay ka sa malambot na kama at malamig na kuwarto. Nahihiya tuloy kami sa iyo. Pasensya ka na. Iyon lang ang kaya naming ibigay."

"Hindi iyon ang tunay na dahilan." Tumingin sa malayo si Anghel. "Hindi kaila sa iyo na maraming gumugulo sa isipan ko." Saglit na nanahimik ito bago nagsalita muli, "Marami akong tanong tungkol sa tunay kong pagkatao." Napabuntong-hininga ito, saglit na napakagat-labi bago muling ibinuka ang bibig. "Napakahirap pala kapag hindi mo alam ang iyong nakaraan. Hindi mo tuloy malaman kung anong kinabukasan ang naghihintay sa iyo."

“Huwag kang mainip. Gagaling ka din. Babalik din ang memory mo,” pampalubag-loob na saad ni Marga.

“Sana. Nahihirapan na ako sa sitwasyon ko. Tulad ng nangyari kanina. Hindi ko alam kung bakit ako sinampal ng babaeng iyon.”

“Tapos na iyon. Don’t let it bother you.”

“Siguro tama ka. Sana lang magkita uli kami para matanong ko sa kanya kung sino ako at makahingi ng sorry sa kung anuman ang nagawa kong kasalanan sa kanya.”

Napatango siya. “That’s good. Humingi ka ng kapatawaran sa kasalanang nagawa mo at aminin ito. Magandang trait iyon sa isang lalaki.”

Nilingon siya ni Anghel at tinitigan nang matagal. “Marga… sa tingin mo ba masama akong tao?”

Hindi alam ng dalaga kung ano ang isasagot. “Mahirap yatang sagutin iyan. Mga ilang araw pa lang tayong nagkakilala, hindi pa kita lubos na kilala.”

“Gut feeling mo lang. Ano ang first impression mo sa akin?”

"Well…" Nag-isip muna siya bago nagsalita, "Sa tingin ko, mabait ka naman pero I'm sure pilyo ka. Sa pananalita mo, sure akong may pinag-aralan ka. Hindi ko lang alam kung ano ang natapos mong kurso. Pero itong isang bagay na ito, sigurado ako." Medyo natawa kaagad siya sa susunod na sasabihin. "Once upon a time in your life, hindi ka karpintero," biro niya, sabay ihit ng tawa.

Natawa nang bahagya ang kausap. Naalala nito ang araw nang mapukpok ng martilyo ang daliri nito. "Medyo masakit pa nga ang daliri ko."

"So far, okay ka naman," aniya habang tatangu-tango.

Satisfied ito sa sinabi niya. "May bisita ka pala kanina," anito. "Boyfriend mo?"

Sumimangot ang kanyang mukha. "Hindi ko boyfriend iyon, 'no!" pakli ni Marga. "At saka wala pa sa isip ko ang mga bagay na iyon." Naging seryoso ang mukha niya. "Ako lang ang inaasahan ng pamilya ko. Sa ngayon, sila ang priority ko sa buhay. Saka na iyong love life ko."

"Paano kung dumating na ang time na gustung-gusto mo na iyong lalaki?"

"If ever na dumating na ang oras na iyon…" she

said after crossing her leg. “Love na love ko talaga iyong guy…” Napatingin siya sa madilim na langit at napaisip. “Well, pipiliin ko pa rin ang pamilya ko,” sigurado niyang tugon. “Isasantabi ko muna ang feelings ko para sa kung sinumang lalaking ‘yon.”

“Sa anong dahilan ipagkakait mo ang sarili mong kaligayahan alang-alang sa pamilya mo?”

“Mahirap ipaliwanag, Anghel. Kung ikaw ang nasa kalagayan ko ay maiintindihan mo ako.”

Napako uli ang tingin nito sa kanya. “Napakasuwerte ng lalaking makakabihag sa puso mo.”

Kiming ngumiti lang si Marga. Ngunit na-conscious siya sa mapupungay nitong mata at malalagkit na tingin. Parang nangungusap ang mga iyon at alam niyang nagpapahiwatig uli ito ng nararamdaman, pero hindi rin niya maiwasang titigan din ito.

Matapos magkatitigan ay parang napipipi na naman sila pareho. Nahihiyang bumawi siya ng tingin at napayuko na. “Anghel, matutulog na ako. Maaga pa ang trabaho ko bukas,” pag-iwas niya. Tumayo siya at naglakad papunta sa pinto. Bago siya pumasok ay sinulyapan niya ang lalaki. “Good

night," nakangiting paalam niya.

"Good night too."

Maingat na pumasok ang dalaga sa loob ng bahay, nanatili pa ring nakaupo sa bangko si Anghel.

"Sana ako ang lalaking makabihag sa iyong puso, Marga," mahina nitong sabi. "Handa akong magpakaalipin, makuha ko lang ang pag-ibig mo." Napatingin sa kawalan ang walang kakurap-kurap na lalaki. *Pero paano ko siya liligawan, nasa iisang bahay lang kami?* naisip nito matapos humugot ng malalim na hininga.

# 4

Nagising si Marga nang dumaan sa mukha niya ang nakasisilaw na silahis ng ginintuang araw na unti-unting lumalabas. Bagaman maigsi ang kanyang tulog ay mahimbing naman iyon kaya nakangiti siya nang magising.

Pagkatapos nilang magkausap ni Anghel nang nagdaang gabi ay madali na siyang nakatulog. Pagkalapat pa lang ng likod niya sa kama ay naramdaman kaagad niya na parang napakabigat ng kanyang mga mata. She closed her eyes and easily drifted to sleep.

Pakiramdam niya ay secured siya at ang kanyang pamilya sa presence nito. Nawala na ang pangamba niya na baka pasukin sila ng magnanakaw at saktan sila. Ngayong kasama na nila ito sa bahay ay may lalaking handang magtatanggol sa kanila. Tila ito ang humalili sa obligasyon na iniwan ng kanyang ama.

Bumangon ang dalaga sa kama matapos mag-inat. Umupo siya sa harapan ng dresser at nakangiting humarap sa salamin. Suwerte siya dahil bihira sa kababaihan na maganda pa rin kahit bagong gising

sa kabila ng nakasabog na buhok. Fresh na fresh ang kanyang hitsura.

Kinuha ni Marga ang hairbrush at sinuklay ang magulong buhok. Nagtaka siya kung bakit ang gaan-gaan ng pakiramdam niya ngayong umaga na para bang lumulutang siya sa alapaap. May nakapagsabi sa kanya na ganito raw ang nararamdaman kapag inspired. *Sino naman kaya ang inspirasyon ko?* napakunot-noo na tanong niya sa sarili. Kaagad na rumehistro sa utak niya ang guwapong mukha ni Anghel. Napangisi tuloy siya.

Naalala niya ang pag-uusap nila nang nakalipas na gabi. Unti-unti ay nakikilala niya ang pagkatao ng lalaki at hindi siya disappointed sa mga bagong nadidiskubre sa pag-uugali nito. Habang naglalaon ay lalong nahuhulog ang kalooban niya rito.

“Siya na ba ang destiny ko?” tanong niya sa sarili. Napabungisngis na lamang siya bilang tugon.

Napalingon si Marga sa alarm clock; it’s already past six o’clock. Umalis siya sa harapan ng dresser at nagmadaling magpalit ng damit-pambahay.

Ibang-iba na ang sitwasyon ngayon ni Marga simula nang tumira sa bahay nila ang lalaking kinupkop nila. Noong wala pa ito ay okay lamang

kung nakadamit siyang pantulog habang paroon at parito sa loob ng bahay at magsuot ng maiigsing shorts. Hindi siya komportable na naka-expose ang mga legs niya rito.

Pati mga kilos ni Marga ay nagbago rin. Hindi na puwede iyong magaslaw niyang kilos, kailangan ay prim and proper siya sa harapan nito. Hindi na rin puwede na kung saan-saan siya nakahilata. Gustung-gusto pa naman niyang nakahiga sa sofa habang nanonood ng TV o kaya ay nagbabasa ng magazine, subalit sa ngayon ay hindi niya magagawa habang nakatira sa bahay nila si Anghel.

Matapos magpalit ng damit ay binuksan niya ang pinto ng kuwarto. Nagitla siya nang tumambad sa labas ng pinto ang isang tangkay ng puting rosas. Nagtaka siya kung bakit naroon iyon.

Dinampot niya iyon at napaisip. *Saan galing ang bulaklak na ito?* tanong niya sa sarili matapos mapakunot-noo. Iginala niya ang paningin sa paligid. Walang ibang tao kundi siya lamang. *Sino ang naglagay nito sa labas ng aking kuwarto?*

Nahintakutan siya nang sumagi sa isipan niya na baka napasok ni Diego ang bahay nila at inilagay ang bulaklak sa labas ng pinto ng kuwarto niya. Hindi naman siguro sinuhulan ng manliligaw ang

kapatid niya para utusang iwan ang bulaklak sa labas ng pinto ng silid niya. Malabong mangyari iyon dahil hindi gusto ni Paolo para sa kanya ang bigotilyong lalaki.

*Kung ganoon, sino?* Mayamaya ay may ngiting sumilay sa mga labi niya. *Di kaya si…* Napamaywang siya. "Sigurado akong si Anghel ang naglagay ng bulaklak," mahina niyang sabi. "Wala nang iba." Kababakasan ng kasiyahan ang kanyang mukha. Sinamyo niya ang halimuyak ng bulaklak sabay kinilig.

Lingid sa kaalaman niya, may isang pares ng mata ang nagmamasid sa kanya—si Anghel, nangingiti. Ito nga ang nag-iwan ng rosas sa labas ng kanyang kuwarto. Maaga itong nagising at naisipang maglakad-lakad habang hindi pa gaanong sumisikat ang araw. Napadpad ito sa lugar ni Buchay at nakita ang babae sa labas ng bahay. Nang makita ito ng kaibigan ni Marga ay saglit na nag-usap ang mga ito. Nakita ni Anghel ang isang namumukadkad na rosas sa maliit na hardin at hiningi iyon sa babae. Hindi naman iyon ipinagdamot ni Buchay at nahulaan nitong ibibigay iyon ng binata kay Marga.

"IN LOVE KA, 'NO!" bungad ni Buchay habang

sabay silang kumakain ni Marga sa food court ng shopping mall sa basement.

"Ba't mo nasabi 'yan?" nakakunot-noong balik niya.

"For the first time nakita kong maganda ang aura mo. Blooming na blooming, 'ika nga. Ganyan daw pag-in love ang tao," anito habang kinikilig.

Hindi siya umimik. Itinuloy na lang niya ang pagkain ng kanyang pananghalian.

"Huwag ka nang magkaila, 'no! Kilalang-kilala kita, best friend. Nababasa ko sa iyong mga mata. Sino kaya ang masuwerteng lalaking iyon?" Kunwaring nag-isip ito. "Sigurado akong hindi si Diego."

Nasamid si Marga nang marinig ang pangalang iyon. "Don't say bad words nga," aniya matapos uminom ng tubig. "Nabilaukan tuloy ako."

"Aha! Alam ko na kung sino ang lucky guy na 'yon!" anito matapos magliwanag ang mukha. "Si Anghel, tama?" kinikilig nitong sabi.

"Kumain ka nga diyan. Kumusta na nga pala ang Kuya Ronnie mo?" panglilihis niya ng usapan.

Natunugan kaagad iyon ng kaibigan niya.

"Huwag mo ngang ibahin ang usapan. Ganyan-ganyan ka kapag guilty. Aminin mo na. Tayong dalawa lang naman, eh. In love ka kay Anghel, 'no?"

"Oo na, matigil ka nga lang diyan!"

Napatili ito habang kinikilig. Napatingin tuloy sa kanila ang iba pang mga taong kumakain sa food court dahil sa lakas ng tili ni Buchay.

"Uy, tumigil ka nga diyan." Nagpalinga-linga siya. "Nakakahiya sa mga tao."

"Suwerte ka, ikaw ang unang nakilala n'on. Naku! Kung ako ang unang nakilala n'on at nalaman kong may amnesia siya, sasabihin ko sa kanya na ako ang asawa niya. Madali namang magpagawa ng marriage certificate sa Recto, eh."

Medyo natawa si Marga pero mayamaya lamang ay naging matamlay ang mukha niya at tila may dinaramdam. Napansin kaagad iyon ng kaibigan.

"Bakit? Huwag mong sabihin na natatakot ka na baka bading siya in the past."

"Hindi iyon." Napabuntong-hininga siya bago muling nagsalita, "Parang walang patutunguhan kung anuman ang nararamdaman ko para sa kanya."

"Ano ang ibig mong sabihin?" nagtatakang

tanong nito.

“Alam mo naman ang dahilan, Buchay. Pareho kaming isang kahig, isang tuka. Huwag na nga nating pag-usapan iyan.” Pinilit niyang pasayahin ang mukha, subalit may lungkot na ipinadarama ang kanyang mga mata.

“Teka muna, may ibinigay bang bulaklak si Anghel sa ‘yo?” untag nito.

Napakunot-noo siya. Inilabas niya ang bulaklak sa kanyang shoulder bag. “Ito ba ang tinutukoy mo?”

Nanlaki ang mga mata nito nang makita iyon. “Oo, iyan nga! Ibinigay ba mismo sa ‘yo ni Anghel ‘yan?” nanunudyo ang mga mata na tanong nito.

Umiling siya. “Hindi. Nakita ko na lang ito sa labas ng kuwarto ko. Sigurado akong palihim na iniwan ni Anghel ito r’on.”

Na-disappoint ito. “Gan’un? Akala ko pa naman personal niyang ibinigay sa ‘yo. Torpe pala ang lalaking ‘yon.”

“Paano mo pala alam na si Anghel ang nagbigay nito?”

Ikinuwento nito ang nangyari nang umagang iyon. “Hay, masasabi kong maganda ang umaga ko

kasi ako ang unang nakakita sa kanya kesa sa 'yo. Belat!" anito at tumawa.

Sumimangot siya at binato ng tissue si Buchay.

KUMUNOT KAAGAD ang noo ni Marga nang mapagsino niya ang lalaking nakaupo sa bangketa. Halatang inaabangan ni Diego ang kanyang pagdating.

Nagmamadaling sinalubong siya nito. "Marga, may sasabihin sana ako sa iyong importante," bungad nito.

"Sa ibang araw na. Pagod ako," malamig na tugon niya, sabay naglakad palayo.

"Tungkol ito sa tunay na pagkatao ni Anghel!" sigaw nito.

Napahinto siya sa paglalakad nang marinig iyon. Interesado siya sa kung anumang impormasyon ang maibibigay nito tungkol sa pagkatao ng bisita niya. Alam niyang maraming koneksyon ito kaya hindi mahirap para rito ang mangalap ng impormasyon dahil sa pagiging street smart nito.

Ngumisi ang lalaki na parang aso, nabuhayan ng loob. Patakbo na muli siyang nitong nilapitan.

"Bago ang lahat, gusto kong malaman mo na kaya ko ito ginagawa ay dahil mahal na mahal kita. Worried ako sa safety ninyong mag-iina."

"Hindi ako interesado kung ano ang saloobin mo. Interesado ako sa tunay na pagkatao ni Anghel."

Hindi na ito nag-aksaya ng panahon. Inilabas nito mula sa hawak na brown envelope ang mga dokumento. Iniabot nito ang mga iyon sa kanya. "Galing sa *NBI* 'yan. Warlo Guerrero ang tunay niyang pangalan. Basahin mo para malaman mo kung anong uri ng tao ang pinatira mo sa bahay n'yo."

Masusing pinag-aralan niya ang hawak na papeles. Napansin niya kaagad ang mug photo ni Anghel. Binasa niya ang mga nilalaman niyon. Nagimbal siya sa kanyang nabasa sa tungkol pagkatao nito. "Totoo ba ang mga nakasulat dito?" tanong niya matapos dismayadong tiniklop ang mga dokumento.

"Kung duda ka sa nilalaman niyan, tawagan mo si Atty. Fernandez. Isa siyang *NBI* agent. Nakalagay diyan ang contact number niya. Siya mismo ang magpapatunay na totoo lahat ang mga nakasulat diyan."

Isinilid niya ang mga papeles sa envelope. “Salamat dito.”

Ikinatuwa iyon ni Diego, pakiramdam nito ay nakapuntos ito sa nililigawang dalaga.

Nagpaalam na si Marga. Habang naglalakad siya papunta sa likuran ng bahay nila ay nanumbalik sa isipan niya ang nilalaman ng mga dokumento.

*Si Anghel… ay isang pusakal na kriminal!* bulalas ng isipan niya.

HALOS PATAKBONG NAGLALAKAD si Anghel pauwi sa bahay na tinutuluyan. Nagmamadali siya para sabihin kay Marga ang magandang balita niya. Kababakasan ng kasiyahan ang kanyang mukha.

Nang marating niya ang bahay ay very excited siyang pumasok sa loob. Wala siyang dinatnang tao sa sala. Nilingon niya ang kusina at nakita roon si Aling Carmen na naghuhugas ng mga plato at si Paolo na pinupunasan ng tuyong basahan ang ibabaw ng mesa. Dali-dali siyang naglakad papunta sa kusina.

“Aling Carmen, si Marga, ho?” very excited na tanong niya.

Hindi siya nilingon ng ginang. Nagdadalawang-

isip ito kung kakausapin siya o hindi. Sumama kaagad ang loob nito sa bisita nang mabasa ang mga dokumentong galing kay Diego. Minabuting huwag na lang itong magsalita para iparamdam sa kanya na hindi na siya welcome sa pamamahay nito.

Napahiya si Anghel sa malamig na pagtanggap ng ginang, parang hindi siya nakita. Ganoonpaman, nabaling ang atensyon niya sa anak nito. “Paolo, ang ate mo? May sasabihin sana akong magandang balita sa kanya.”

Hindi kaagad nagsalita ang binatilyo. Tulad ng ina ay nabasa rin nito ang nilalaman ng dokumento at very disappointed ito sa nadiskubre sa pagkatao ni Anghel. Sa igsi ng panahon na nagkakilala sila ay mabilis silang nagkapalagayan ng loob, parang kuya na nga ang trato nito sa kanya.

“Nasa itaas. Nagpapahinga na,” hayag nito habang nakatitig nang malamig sa kanya. “Masama daw ang pakiramdam kaya hindi p’wedeng istorbohin.”

“Ganoon ba?” aniya, nanghihinayang. “Ibabalita ko sana na natanggap na ako sa trabaho. Ang lakas pala ng kapatid ni Buchay sa management. Ini-refer lang niya ako, tanggap ako kaagad. P’wede na daw akong magsimula bukas,” dere-derechong lahad

niya sa masayang tinig.

"Si Kuya Ronnie, mabait iyon. Hindi katulad ng ibang tao diyan, magaling magpanggap," sarkastikong pagpapasaring ng nakababatang lalaki.

"Mabuti kung ganoon, may trabaho ka na," biglang sabad ng biyuda. "P'wede ka nang makahanap ng ibang malilipatan. Siyanga pala, ubos na iyong kanin at ulam. Akala ko hindi ka na darating," prangkang saad nito.

"Okay lang ho. Sa labas na lang ho ako kakain," malumanay niyang sabi. Nanibago siya sa pananalita at kinikilos ng dalawa. Hindi naman dating ganito ang trato ng mag-ina sa kanya. Buong akala niya ay matutuwa rin ang mga ito sa balitang may trabaho na siya. Hindi niya inaasahan na ganito ang magiging reaction nila. May nagawa ba siyang hindi maganda na ikinasama ng loob ng mga ito?